SpacesEDU
by myBlueprint

Gabay ng Pamilya sa Pagsisimula sa SpacesEDU

Kunan ang mga sandali kung saan nagaganap ang pagyabong gamit ang isang madaling gamitin na digital portfolio na nagpapagana sa pag-aaral anumang oras at saanman.

Pagsisimula sa SpacesEDU

Mga Tip para sa Pagsisimula sa SpacesEDU

Gumawa ng iyong SpacesEDU Account

Para gumawa ng SpacesEDU account, bisitahin ang spacesedu.com at i-click ang 'Sign Up' - o tanggapin ang imbitasyon ng iyong guro sa pamamagitan ng email!

I-download ang App

May iOS at Android mobile app ang SpacesEDU na available sa iyong Apple App Store o Google Play. Simpleng i-search ang 'SpacesEDU by myBlueprint' at i-download ang mga mobile app ngayon din!

Download on the App Store

GET IT ON Google Play

Mga Setting ng Account

Bisitahin ang iyong **Mga Setting ng Account** para baguhin ang iyong mga **kagustuhan sa wika**, **mga kagustuhan sa notipikasyon,** at marami pa!

Tingnan ang aming mga Resources

Tingnan ang aming Family Resources, Help Center at Privacy Center.
Para sa karagdagang tanong, makipag-ugnayan sa amin sa hello@spacesedu.com!

Paggawa ng Family Account

Ang guro ng inyong estyudante ay iimbitahan kayong gumawa ng isang account mula sa kanilang Teacher Account.

YMakakatanggap kayo ng isang email sa inyong inbox na mukhang ganito →

Iklik ang asul na buton na **Gumawa ng Account**.

Pagkatapos kayo ay dadalhin sa isang sign up page kung saan ay kakailanganin niyong ilagay ang inyong pangalan at apelyido, email address, at gumawa ng password. Maaari niyo ring gamitin ang inyong Google Account para mag-sign up.

Sa oras na makumpleto niyo na ang mga hakbang na ito, magkakaroon na kayo ng akses sa inyong sariling family account!



Tandaan: Kapag nagla-log in sa SpacesEDU, mangyaring siguraduhin na ikaw ay nasa tamang rehiyon.

Mahahalagang Paalala para sa Mga Bago, at Nagbabalik na Pamilya!

Bago ka man sa SpacesEDU o isang nagbabalik na pamilya, narito ang ilang bagay na dapat tandaan:

- **Isang Account Lang ang Kailangan Mo!** Kailangan mo lang gumawa ng isang family account, kahit na may marami kang anak na gumagamit ng SpacesEDU o nakagamit ka na nito sa mga nakaraang taon.
- **Maging alisto sa mga imbitasyon** para gumawa ng iyong account sa unang pagkakataon, o para sumali sa isang silid-aralan gamit ang kasalukuyan mong account! Ang mga imbitasyon ng SpacesEDU ay manggagaling mula sa noreply@ca.spacesedu.com (sa Canada) o noreply@app.spacesedu.com (sa US).
- **Mga Unang-beses na User ng SpacesEDU:** Kung ito ang unang beses mo na gagamit ng SpacesEDU, kukumpirmahin mo ang iyong email at pagkatapos ay ipa-prompt na ilagay ang iyong Pangalan, Apelyido, at gumawa ng Password. Pagkatapos niyan, i-click ang 'Sign Up' para gumawa ng iyong account.
- **Mayroon ka na bang SpacesEDU Account?** Magandang balita! Kapag tinatanggap ang imbitasyon sa bagong klase, madali mong malalagpasan ang paglalagay ng iyong mga detalye sa pamamagitan ng pagkumpirma sa iyong email at pagpili sa opsyon na 'Mag-log In'. Maaari mo ring tanggapin nang direkta ang mga imbitasyon sa loob ng seksyon na Invitations ng iyong kasalukuyang SpacesEDU account.





Pag-navigate sa Mga Klase

Homepage ng Klase

Kapag naka-log-in ka na sa iyong account, dadalhin ka sa Homepage ng Klase, kung saan makikita mo ang:

1. Iyong mga mag-aaral na kabilang sa bawat Klase
2. Mga guro na kabilang sa bawat Klase
3. Mga Klase na mayroon kang access - i-click ang Klase para magsimulang mag-explore!



Pag-navigate *sa pagitan* ng Mga Klase

Kung gusto mong mag-navigate sa pagitan ng mga klase, sundin ang mga hakbang na ito:

1. I-click ang **house icon** na nasa kaliwang bahagi sa itaas para bumalik sa Homepage ng Klase
2. I-click ang Klase na nais mong i-access



Pag-navigate sa Spaces

Maaaring naisaayos na ng guro ng iyong mag-aaral ang silid-aralan ng SpacesEDU gamit ang iba't ibang environment sa pag-aaral:



1 **Class Space:** Kung saan ang mga guro ay maaaring sumali sa talakayan na pambuong-klase, at magbahagi ng mga file at media sa lahat ng mag-aaral at kanilang pamilya.

2 **1:1 Space:** Isang space na natatangi para sa bawat mag-aaral - na nagbibigay-daan sa iyo at sa iyong mag-aaral na makipag-ugnayan nang direkta at pribado sa guro.

3 **Group Space:** Para makipag-ugnayan sa mga piling grupo ng mga mag-aaral, madalas ay para sa mga group project.

4 ***Reporting Space:** Isang nakalaang lugar kung saan nagbabahagi ang mga guro ng mahahalagang kaalaman tungkol sa progreso, mga nakamit, at pag-unlad ng iyong anak sa buong taon.

*Ang Reporting Space ay isang custom add-on at maaaring hindi lisensyado ng iyong paaralan o distrito

5 **Feed:** Kung saan mo makikita ang tuloy-tuloy na feed ng lahat ng post ng iyong mag-aaral!

Tip: I-hover ang mouse sa mga button na Mga Mag-aaral at Pamilya para makita kung sino ang may access sa Space!



Pag-navigate sa mga Post

1 Mga Post

Ang mga anunsyo ng klase at gawain ng mag-aaral ay ibinabahagi lahat sa pamamagitan ng mga Post! Ang Mga Post ay may maraming multimedia option tulad ng mga litrato, video, voice recording, at marami pa.

2 Mga Aktibidad

Maaaring nag-post din ang mga guro ng mga nakumpletong Aktibidad ng mga mag-aaral - i-click ang Pamagat ng Aktibidad para sa higit pang detalye!

3 Mga Curriculum Tag at Proficiency Scales

Maaaring isinama ng iyong guro ang mga curriculum tag at mga level ng proficiency sa post ng iyong mag-aaral. Ikinokonekta ng mga curriculum tag ang gawain ng mga mag-aaral sa mga partikular na pamantayan ng estado o probinsya at mga layunin sa pag-aaral. Maaaring tinasa din ng mga guro ang gawain ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagtatalaga ng isang level ng proficiency.

Tandaan: Hindi sigurado kung ano ang ibig sabihin ng pagtatasa ng proficiency? Pumunta sa Feed para tingnan ang Proficiency Scale, na may higit pang impormasyon kung paano ang bawat level ng proficiency ay nauugnay sa mastery ng mag-aaral.

Kilalanin ang Proficiency Scales 👋

Matuto pa tungkol sa kung ano ang ibig sabihin ng bawat scale at kung paano ito gagamitin para tasahin ang gawain sa silid-aralan.

Tingnan ang Scale



4 Mga Komento at Feedback

Maaaring i-highlight ng mga guro ang mga kalakasan ng iyong mag-aaral at magbigay ng nakakatulong na feedback sa pamamagitan ng mga komento.

5 Pakikipag-ugnayan sa mga Post

Kung ang guro ay pinagana ang kakayahan na magdagdag ng mga komento sa mga post ng inyong estyudante, makikita niyo ang comment box na lalabas sa ilalim ng post.



Tandaan: Ang mga komento na inyong idinagdag sa mga post ng inyong anak ay makikita lamang ng inyong estyudante at ng guro. Hindi makikita ng ibang mga pamilya at estyudante ang inyong mga komento.



Para magdagdag ng media files sa mga komento, simpleng iklik ang sumusunod na mga icon.

- para magdagdag ng komento sa audio
- para magdagdag ng video o larawan
- para magdagdag ng link sa isa pang site
- para mag-upload ng dokumento mula sa inyong aparato

Para mag-react sa isang post, simpleng iklik ang , magkakaroon kayo ng pagpipilian ng mga reaksyon para i-apply sa post ng estyudante. Iklik muli ang reaction icon upang tanggalin ito.

Pro Tip	Gusto mo ba ng mga ideya sa feedback para sa iyong mag-aaral? Tingnan ang aming Prompt sa Feedback ng Pamilya para sa dokumento ng SpacesEDU.

Pagtingin at Pagsagot sa Mga Mensahe

Kung pinagana ng iyong paaralan ang messaging feature, makikita mo ang tab na Messages. Ang pag-click sa mga mensahe ay dadalhin ka sa iyong inbox, na binubuo ng mga mensahe ng Channels at Direct Messages.

1 Mga Channel

Ang mga Channel ay mga preset na grupo kung saan niyo magagawang basahin (at tumugon kung pinagana) sa mga mensahe na ipinadala sa buong channel. Kabilang rito ang isang channel para sa mga pamilya, at isang channel para sa mga pamilya at estyudante.

Tandaan: ang mga mensahe na ipinadala sa mga channel na ito ay makikita lamang ng lahat ng miyembro ng grupo.

2 Mga direktang mensahe

Ang mga direktang mensahe ay nagbibigay-daan sa mga guro na magpadala ng mensahe sa iisang estyudante, o sa kombinasyon ng mga estyudante, guro at miyembro ng pamilya

Kung pinagana ng guro ang opsyon na ito, magagawa niyo ring tumugon sa mga mensaheng ipinadala nila. Ang mga mensaheng ito ay makikita lamang ng mga tao sa partikular na grupong ito.

Makikita niyo ang mga miyembro ng grupong ito sa pamamagitan ng pagklik sa sumusunod na icon sa kanang itaas ng pag-uusap. Ipapakita nito sa inyo ang isang listahan ng mga tao na makakakita ng mensahe na ipinadala ng guro, at kung sino ang makakakita ng inyong mga tugon.



Pagtingin sa Mga Notipikasyon at Mga Setting ng Account

I-click ang iyong avatar na nasa kanang bahagi sa itaas ng screen para tingnan ang Mga Setting ng Account at Mga Notipikasyon.



Mga Notipikasyon

Maaabisuhan ka sa iba't ibang aksyon sa loob ng SpacesEDU. Halimbawa, sa isang bagong post, komento, o mensahe - ikaw ay maaabisuhan! Sa loob ng iyong Mga Setting ng Notipikasyon, maaari mong tukuyin kung gusto mong maabisuhan sa loob ng app, sa pamamagitan ng email, o pareho.



Ang pulang tuldok sa bell icon na nasa kanang bahagi sa itaas ay nangangahulugan na mayroon kang bagong notipikasyon. I-click ang bell para makita ang mga pinakabagong update, at pagkatapos ay i-click ang isang partikular na notipikasyon para makita ang higit pa.

I-click dito para matuto pa tungkol sa mga notipikasyon sa SpacesEDU

Pro Tip	Gamitin ang Google Chrome bilang inyong browser para pakinabangan ang kakayahan ng Google Translate at maisalin sa gusto niyong wika ang anumang nilalaman ng web. Para i-activate ang Google Translate: 1. Sa inyong kompyuter, buksan ang Chrome 2. Sa kanang itaas, i-click ang tatlong tuldok 3. Piliin ang "Settings" 4. Sa kaliwa, i-click ang "Languages" 5. Sa ilalim ng Google Translate, i-on o i-off ang "Use Google Translate" 6. Bisitahin ang isang website at i-click ang "Google Translate icon" sa kanan ng inyong search bar

Para sa higit pang impormasyon sa pagsasalin ng nilalaman sa SpacesEDU, tingnan ang aming resource sa Paano Gamitin ang Google Translate sa SpacesEDU